


# Para sa Empleyado

## Gabay sa San Francisco Akomodasyon sa Paggagatas sa Trabaho

### Lahat ng Empleyado sa San Francisco ay may karapatan sa Paggagatas sa Trabaho

## 1 Isang Malinis at Pribadong Lugar

- ✓ Hindi puwede ang banyo
- ✓ Kailangang ligtas, malinis at tago sa maaaring makakita at mang-iistorbo
- ✓ Kailangang may lugar na mauupuan at paglalagyan ng mamadera \ [breast pump]
- ✓ Kailangan may elektrisidad
- ✓ Kailangan may malapit na lababo at refrigerator

## 2 Oras ng Paggagatas

Ang employer mo ay dapat bigyan ka ng sapat na oras para sa paggagatas mo, kasama dito ang preparasyon at paglilinis. Ang oras ng iyong paggagatas, sa labas ng normal mong oras ng pagpapahinga, ay hindi kailangang bayad.

---

## Paano humingi ng Akomodasyon para sa Paggagatas

- Ang employer mo ay kailangang magbigay sa iyo ng nakasulat na patakaran tungkol sa akomodasyon para sa iyong Paggagatas sa sandaling matanggap ka sa trabaho at saka kapag nagtanong ka tungkol sa pagbubuntis o parental leave o sabihin mo sa employer mo na ikaw ay buntis.

- Magtanong ka sa employer mo tungkol sa Akomodasyon sa Paggagatas. Puwede kang magtanong ng diretso, sa pamamagitan ng email, o sulat. Walang partikular na dokumentong susulatan ang kailangan. Ang employer mo ay kailangang sumagot sa iyo sa loob ng 5 araw.

Kung ang pagbibigay ng akomodasyong sa iyong paggagatas ay magiging sobrang mahirap para sa iyong employer, maaari silang humiling ng pagkakapuwera sa partikular na bagay na kailangan, pero kailangan ipahatid sa iyo sa pamamagitan ng sulat. Sa ilalim ng state law, ang mga employer lang na may 50 empleyado o mas mababa ang pwedeng humiling ng pagkakapuwera sa sobrang kahirapan.

**Ang mga employer ay hindi maaaring makialam o gumanti sa mga empleyadong humihiling o gumagamit ng akomodasyon sa paggagatas.**

Paki kontak ang Office of Labor Standards Enforcement sa lactation@sfgov.org o sa (415) 554-6406 sa anumang mga katanungan.
Marami pang impormasyon sa www.sfgov.org/olse/lactation-workplace.



# Para sa Employer

## Gabay sa San Francisco Para sa Paggagatas sa Ordinansang Pinagtatrabahuhan

Ayon sa Ordinansa ng San Francisco sa Paggagatas, ang mga employer ay kailangang magbigay ng **oras sa mga empleyado para sa paggagatas at isang lugar para sa paggagatas**, at kailangan mayroong patakaran na magpapaliwanag kung paano ang mga empleyado ay makakahiling ng akomodasyon sa paggagatas. Ang mga sumusunod ay nagpapaliwanag ng kailangang akomodasyon na maaaring gawin sa humihiling na empleyado.

### 1 Ang mga Employer ay kailangang may kasulatan na Patakaran tungkol sa Akomodasyon para sa Paggagatas:

- Ang mga Employer ay kailangan magbigay ng Patakaran tungkol sa Akomodasyong para sa Paggagatas sa mga baguhang mga empleyado at sa mga nagtatanong tungkol sa pagbubuntis o parental leave.
- Puntahan ang www.sfgov.org/olse/lactation-workplace para sa halimbawang patakaran.

### 2 Ang mga Employer ay kailangang magbigay ng isang malinis at pribadong lugar para sa paggagatas:

- Hindi puwede ang banyo
- Kailangang ligtas, malinis at tago sa maaaring makakita at mang-iistorbo
- Kailangang may lugar na mauupuan at paglalagyan ng mamadera \ [breast pump]
- Kailangan may elektrisidad
- Kailangan may malapit na lababo at refrigerator

Ang lugar ay maaaring pansamantala lang or ginagamit sa iba pang mga bagay,{MQ}basta bakante ito sa paggagatas ng empleyado kapag kailangan. Tingnan ang www.sfgov.org/olse/lactation-workplace para sa karagdagang impormasyon.

### 3 Ang mga Employer ay kailangang magbigay ng oras sa empleyado para mag-pump:

- Hindi **limitado ang oras** at kasama dito ang preparasyon at paglilinis ng empleyado pagkatapos.
- Hindi kailangan bayaran ang mga empleyado sa oras ng kanilang paggagatas maliban na lang kung oras ito ng kanilang break.

## Paano sumagot sa isang kahilingan para sa Akomodasyon ng Paggagatas

- Bigyan ang empleyado ng nakasulat na patakaran tungkol sa Paggagatas
- Sagutin ang kahilingan sa loob ng 5 araw

Kung sa palagay ng employer na hindi nila maibibigay ang anumang akomodasyon, maaari silang magsampa ng “sobrang kahirapan” para mapuwera sila sa partikular na mga akomodasyon – **para lang ito sa mga employer na may 50 o mababa pang bilang ng mga empleyado**.

- Kung ang employer ay nagsampa ng sobrang kahirapan para sa partikular na akomodasyon, kailangan itong sumagot sa hiling ng empleyado sa pamamagitan ng sulat.
- Ang employer na nagsasampa ng pagkapuwera para sa mga kailangan ay dapat pa ring sumunod sa bawat kailangan ng Ordinansa.

**Ang mga employer ay hindi maaaring makialam o gumanti sa mga empleyadong humihiling o gumagamit ng akomodasyon sa paggagatas.**

Paki kontak ang Office of Labor Standards Enforcement sa lactation@sfgov.org o sa (415) 554-6406 sa anumang mga katanungan.
Marami pang impormasyon sa www.sfgov.org/olse/lactation-workplace.